



U.S. Environmental Protection Agency

Buod ng Iminumungkahing Plano: Office of Civil Rights External Compliance and Complaints Program Strategic Plan (Estratehikong Plano para sa Panlabas na Pagsunod sa Patakaran at Programa para sa Mga Reklamo) sa Taong Piskal na 2015-2020

Ang External Compliance and Complaints Program Strategic Plan para sa taong piskal ng 2015-2020 ay nagtataguyod ng pananagutan sa programa na kritikal sa layunin sa pamamagitan ng mga masusukat na pakay na: 1) tiyakin ang nasa oras, mabisa at gumaganang pamamahala sa listahan ng plano para sa reklamo; 2) mapahusay ang programa para sa external compliance (pagsunod sa mga tuntunin sa labas) ng Office of Civil Rights' (OCR) sa pamamagitan ng mga proactive na pagrerepaso hinggil sa pagsunod sa patakaran, pagbuo ng estratehikong patakaran, at pakikiisa ng mga mahahalagang EPA, pederal at panlabas na kapartner at stakeholder (hal., mga tatanggap ng serbisyo at mga komunidad); at 3) patatagin ang lakas ng mga manggagawa ng OCR sa pamamagitan ng estratehikong pagpapalano ng pangangapital sa manggagawa, maayos na development at mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong sa teknolohiya at pagsasanay para mataguyod ang mahusay na pagganap sa organisasyon.

1 LAYUNIN: Mapahusay ang Pamamahala sa Listahan ng Estratehiya para sa Plano

Para matiyak na ang lahat ng mga reklamo na may kaugnayan sa karapatan bilang mamamayan ay napo-proseso nang nasa oras, mabisa at gumaganang paraan, gagawin ng Office of Civil Rights ang mga sumusunod na hakbang:

- Bumuo at gumamit ng isang Case Resolution Manual (Manwal para sa Paglulutas ng Kaso), na umaalinsunod sa mga pinakamainam na pamamalakad ng pederal. Ang Case Resolution Manual, na inaasahan na makumpleto ng OCR sa pagsapit ng Oktubre 2015, ay ipapaskil sa pampublikong websiste ng OCR para mapakita ang kalinawan sa mga gawain, at kabilang dito ang mga sumusunod na impormasyon:
- Mga pamamaraan para matugunan ang lahat ng mga yugto sa proseso ng paglulutas ng kaso, kasama na ang mga reklamo at pagrerepaso sa pagsunod sa patakaran;
- Isang Strategic Case Assessment Plan (Plano na May Estratehiya para sa Pagtatasa ng Kaso) na kinabibilangan ng mga tiyak na naka-target na pakay para mataguyod ang nasa oras at

mabisang pagpo-proseso ng mga reklamo, lalo na sa loob ng unang siyamnapung araw makalipas na matanggap ang mga ito; at

- Mga modelo para sa liham, mga plano at iba pang mga standard na pamamaraan sa pagtatrabaho para sa magamit ng staff sa pagpo-proseso ng mga reklamo.
- Ihanay ang mga regulasyon laban sa diskriminasyon ng EPA tulad noong sa higit sa dalawampung mga pederal na ahensya sa pamamagitan ng pagbabago ng pinakahuling mga regulasyon para mahigit ang kakayahan nitong umangkop sa estratehikong pamamahala ng kaso.
- Lumikha ng Civil Rights Compliance Toolkit (Mga Kagamitan para sa Pagsusunod sa Karapatan ng Mamamayan) para sa mga tumatanggap ng tulong sa EPA para makapagkaloob ng gabay hinggil sa kanilang mga obligasyon sa ilalim ng karapatan bilang mamamayan at mga halimbawa ng mga maaasahang pamamalakat para sa pagsunod sa mga batas ng karapatan ng mamamayan na ipinapatupad ng EPA. Ang mga tumatanggap ng pananalapi mula sa EPA ay nagpahiwatig ng kanilang pakikiisa sa pamamagitan ng pagkilos ng higit sa inaasahan na pagsunod sa mga batas para sa karapatan ng mamamayan, at malugod na susuportahan ng OCR ang mga pagsisikap na ito.
- Ganap na gamitin ng OCR ang lahat ng mga magagamit na opsyon sa paglulutas ng problema, kasama na ang mga di pormal na paglulutas at Alternative Dispute Resolution (Alternatibong Paraan ng Paglulutas sa Hindi Pagkakaunawaan).
- Pamahanaan ang mga kaso ng karapatan ng mamamayan sa pamamagitan ng paggait ng bagong itinatag na komprehensibong sistema para sa electronic na kaso at pamamahala ng mga dokumento, ang External Compliance Case Tracking System (EXCATS).
- Bumuo ng isang Komprehensibong Pag-iimbestiga, Patakaran at Legal na Pagsasanay na Kurikulum para sa staff ng External Compliance Program ng OCR.

Ika-2 LAYUNIN: Bumuo ng isang Proactive na Programa para sa Pagsunod sa Patakaran

Papahusayin ng OCR ang proactive na programa para sa pagsunod sa patakaran nito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga sumusunod na hakbang:

- Baguhin ang mga regulasyon laban sa diskriminasyon ng EPA para umalinsunod ang mga ito tulad nang sa iba pang mga pederal na ahensya para matiyak ang pagsunod ng mga tumatanggap ng serbisyo sa patakaran sa pamamagitan ng pagkokolekta ng data ng ulat sa pagsunod sa patakaran at pagsasagawa ng proactive na mga pagrerepaso sa pagsunod sa patakaran;
- Pasimulan ang maayos na naplano at naka-target na mga pagrerepaso sa pagsunod sa patakaran sa mga mahahalagang isyu sa karapatan ng mamamayan;
- Bumuo ng isang patnubay sa estratehikong patakaran sa mga isyu sa cross-cutting (pag-uugnay sa mga independiyenteng partido o interes), tulad nang naaangkop;

- Paramihin ang proactive na pakikiisa sa mga mahahalagang panloob na EPA at mga pederal na kapartner para mapakinabangan ang kadalubhasaan at mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong;
- Paramihin ang proactive na pakikiisa sa mga mahahalagang panlabas na kapartner at mga stakeholder, tulad ng mga tumatanggap ng serbisyo at mga komunidad, sa pamamagitan ng proactive na teknikal na tulong at pag-aabot kamay;
- Pahasayin ang kalinawan ng mga ginagawa at pananagutan sa pamamagitan ng paglalagay sa website nito ang panghuling mga dokumento hinggil sa pagpapasya sa kaso, ang Case Resolution Manual, ang Civil Rights Compliance Toolkit, at iba pang mga patnubay sa tumatanggap ng serbisyo, at iba pang mahahalagang mga dokumento, kung naaangkop; at
- Patatagin ang kalinawan ng mga ginagawa at pananagutan sa pamamagitan ng paglilikha ng taunang ulat na nagbibigay diin sa mga natamong tagumpay at layunin ng programa ng External Compliance and Complaints Program.

Ika-3 LAYUNIN: Patatagin ang Lakas ng Manggagawa ng OCR para Mataguyod ang isang Mahusay ng Gumaganap na Organisasyon

Ang mga empleyado ang susi sa pagtitiyak na ang mithiin ng ating Ahensya ay natutugunan, at sila ang pinakamahalagang pinagkukuhanan ng impormasyon at tulong ng Ahensya. Tinitiyak na ang External Compliance and Complaint Program na staff ay nakikiisa, may sigla at may kapangyarihan para magamit ang kanilang mga kaalaman, kakayahan, at mga kagamitan na kinakailangan para isagawa ang mithiin ng Programa ay napakahalaga. Palalaksin ng OCR ang lakas ng mga manggagawa nito sa pamamagitan ng pagbubuo ng isang Strategic Human Capital and Organizational Development Plan (Plano para sa Estratehikong Pamumuhunan sa Lakas ng Empleyado at Pagpapahusay sa Organisasyon) para makapagtatag ng isang lubos na mabisa at nababatay sa pagganap sa trabaho na organisasyon. Magsisilbing isang mapa ang Plano para mataguyod ang patuloy na pagpapahusay. Bilang paggalang sa External Compliance and Complaints Program, ipapatupad ng OCR ang mga sumusunod na hakbang:

- Magsagawa ng isang komprehensibong pagtatasa sa mga kakayahan na napakahalaga sa mithiin na kinakailangan par amatamo ang mga layunin ng programa;
- Makumpleto ang isang komprehensibong pagtatasa sa kasalukuyang mga kakayahan para sa takdang trabaho at ang pagkakahayan ng mga ito sa mga pangangailangan ng OCR na napakahalaga sa mithiin nito;
- Magsagawa ng isang komprehensibong pagtatasa sa kasalukuyang Position Descriptions (PDs) para matiyak kung kinakailangan ang mga pagbabago para matiyak ang pagkakasama sa mga hinihiling na kakayahan;
- Makumpleto ang isang komprehensibong pagtatasa sa mga pagkukulang sa mga kakayahan at pagganap na hindi natugunan gamit ang kasalukuyang PDs;

HULING BALANGKAS PARA mabigyang Komento ng Publiko

- Magsagawa ng isang komprehensibong pagtatasa sa indibiduwal na pagsasanay at mga pangangailangan upang umunlad para matugunan ang anumang mga pagkukulang sa kakayahan at kaalaman;
- Ihanay ang mga PD ng mga miyembro ng staff at mga plano para sa indibiduwal na pagganap; at
- Sikapin na mapahusay at mapalawak ang paggamit ng mga mapagkukuhanan ng impormasyon o tulong sa pamamagitan ng teknolohiya at pagsasanay para mabigyang lakas ang mga staff ng OCR gamit ang mga kagamitan na kailangan nila para makumpleto ang trabaho.